

Paano kung kinuha ng nang-aabuso ang kotse ko? O hindi ako papasukin sa bahay ko? O sinasaktan ako sa pananalapi sa ibang mga paraan?

May karapatan kang humingi ng utos ng hukuman hinggil sa paggamit, pagmamay-ari, at pagkontrol ng tunay o personal na ari-arian (para sa tagal ng utos) at ang pagbabayad ng anumang mga lien o pasanin na dapat bayaran sa panahong iyon. (Kodigo sa Batas ng Pamilya, Seksyon 6342.5). Ang hukuman ay maaari ding gumawa ng isang paghahanap na ang mga partikular na utang ay natamo bilang resulta ng karahasan sa tahanan at nang walang pahintulot mo.

# HERA

Mga tagapagtaguyod ng mga karapatang pang-ekonomiya at pabahay ng HERA

**Makipag-ugnayan sa amin:**

(510) 271-8443 Ext. 300

[inquiries@heraca.org](mailto:inquiries@heraca.org)

[www.heraca.org](http://www.heraca.org)

P.O. Box 29435

Oakland, CA 94604



Ang proyektong ito ay naging posible dahil sa isang kaloob mula sa Komisyon ng California sa Estado ng Mga Babae at mga Batang Babae (California Commission on the Status of Women and Girls).

MGA KARAPATAN  
NG MGA  
NAKALIGTAS  
TUNGKOL SA  
PANG-AABUSO  
SA PANANALAPI



## MAAARING MAG-UTOS ANG ISANG HUKUMAN NA MAKAKUHA KA NG PAGSASAULI O REIMBURSEMENT PARA SA IYONG MGA PAGKAWALA.

“Ang isang utos na bayaran ang pagsasauli sa petisyoner para sa pagkawala ng mga kita at mga galing sa bulsang gastusin, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga gastos para sa pangangalagang medikal at pansamantalang pabahay, na natamo bilang direktang resulta ng pang-aabusong ginawa ng tagatugon o anumang aktwal na pisikal na pinsalang natamo mula sa pang-aabuso.” (Kodigo sa Batas ng Pamilya, Seksyon 6342)

## PAGMAMAY-ARI NG BAHAY - CAL. FAM. KODIGO §§ 6321(A); 6340(C)

Bilang bahagi ng utos sa pagpigil sa karahasan sa tahanan, maaaring ipag-utos ng hukuman ang pinigilan na partido na umalis sa tirahan ng pamilya, sa tirahan ng kapwa kapareha, sa karaniwang tirahan, o sa tirahan ng kapareha na nag-aalaga sa mga bata, maging sinumang partido ang may hawak ng legal na titulo sa bahay (o ang nasa upa).<sup>1</sup> Ito ay nagpapahintulot sa isang nakaligtas sa karahasan sa tahanan na manatili sa isang matatag na pabahay, kahit na ang ari-arian ay pag-aari ng kanilang kapareha.

<sup>1</sup> Cal. Fam. Code § 6321; see, e.g., Nicole G. v. Braithwaite, 49 Cal. App. 5th 990, 993, 262 Cal. Rptr. 3d 918, 920 (2020) (hindi naiulat) (“Ang Domestic Violence Prevention Act at Family Code 1 mga seksyon 6340, 6321, at 6324 ay nagpapahintulot sa hukuman na mag-utos sa pinigilang partido na umalis sa ari-arian at payagan ang protektadong partido na gamitin at ariin ang ari-arian.”).

## MGA PAGBABAYAD NG SANGLA –CAL. FAM. KODIGO § 6324.

Bilang bahagi ng isang pansamantalang utos sa pagpipigil sa karahasan sa tahanan, maaaring gumawa ng utos ang hukuman upang matukoy kung sino ang mananagot para sa anumang mga lien o mga pasanin (tulad ng mga pagbabayad ng mga sangla) na dapat bayaran sa panahon kung kailan magkakabisa ang utos.<sup>2</sup>

Kung ang pangalan ng nakaligtas ay nasa sangla (mortgage), ngunit hindi ang promissory note, maaaring subukan ng isang tagapagserbisyo na tanggihan ang mga bayad mula sa nakaligtas. Maaaring magpetisyon ang nakaligtas sa hukuman na ilipat ang promissory note at mga obligasyon sa nakaligtas, o maaaring ipilit man lang na tubusin ang sangla (mortgage) sa pamamagitan ng pagre-refinance.<sup>3</sup>

## MGA PAGLILIPAT HABANG NAKABINBIN ANG DIBORSIYO - CAL. FAM. KODIGO § 2040.

Sa panahon ng diborsiyo sa pagitan ng isang nakaligtas sa karahasan sa tahanan at ng kanilang kabiyak, ang hukuman ay maghaharap ng isang awtomatikong pansamantalang utos ng pagpigil. →

<sup>2</sup> Cal. Fam. Kodigo § 6324.

<sup>3</sup> Loughran v. Lemmon, 19 App. D.C. 141, 149 (D.C. Cir. 1901); NCLC, Espesyal na Isyu: Mga Pagkaremata at mga Nakaligtas sa Karahasan sa Tahanan, Ulat sa Pagkabangkarote at Mga Pagkaremata ng NCLC Edisyon 27, sa 14, 16 (Enero at Amp; Pebrero 2009).

Ito ay upang hadlangan ang sinuman sa magkapareha mula sa paglilipat ng anumang interes sa tirahan hanggang sa ang lahat ng pagmamay-ari ng ari-arian ay napagpasiyahan at naipalaganap ng hukuman.<sup>4</sup> Ang proteksiyong ito ay hindi espesipiko sa mga nakaligtas sa karahasan sa sambahayan, ngunit maaaring makatulong sa mapigilan ang nang-aabuso na ibenta o kaya’y ilipat ang pampamilyang tahanan na tanging nasa pangalan ng nang-aabuso.

Ang awtomatikong pansamantalang utos ng pagpigil na ito ay pumipigil din sa alinman sa magkapareha upang limitahan sa panahon ng diborsiyo, na maaaring magbigay ng ilang proteksiyon laban sa mga pagsisikap ng nang-aabuso na alisin ang equity sa tahanan bago magawa ito.<sup>5</sup>

## NINAKAW BA NG NANG-AABUSO MO ANG IYONG PAGKAKAKILANLAN PARA MAKAUTANG SA ILALIM NG PANGALAN MO?

Ang Kodigo Sibil § 1788.18 ay nagpapahintulot sa isang biktima ng isang "krimen sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan" na tutulan at iantala ang pagtatangka ng isang kolektor ng utang na lumikom ng isang pagkakautang dahil sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan. Kapag ang biktima ng pagnanakaw ng pagkakakilanlan ay nagsumite ng kinakailangang dokumentasyon ng pagnanakaw ng pagkakakilanlan at ang kaugnayan nito sa partikular na utang na kinokolekta, dapat na ihinto ng nangongolekta ng utang ang aktibidad ng pangongolekta hanggang sa makumpleto nito ang isang pagsusuri at matagpuan na ang may utang ay responsable para sa partikular na utang na pinagtatalunan.<sup>6</sup>

<sup>4</sup> Cal. Fam. Code § 2040.

<sup>5</sup> Cal. Fam. Code § 2040(a)(2)(A).

<sup>6</sup> Cal. Civil Code § 1788.18(d).